Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MTB-MLE 3

## IKATLONG MARKAHAN-MODYUL 2


**Development & Editorial Team**

**Writer:**
Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City
Maria Lyn M. Mallen
Jever E. Sales
Crisalez R. Toledo
Lea May U. De Leon
Aura Eden C. Ilagan
Rona O. Sudayan
Abejane C. Rico

**Management Team:**
Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR
Joel Torrecampo, SDS SDO - Las Piñas City
Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR
Juan C. Obierna, ASDS-CID Chief SDO - Las Piñas City
Maricar D. Agao, Regional EPS, MTB-MLE-NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City
Jennifer L. Tubello, LR EPS SDO - Las Piñas City
Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR
Elaine Margarett Baguio, PDO SDO - Las Piñas City
Ana S. Monatnes, Librarian, SDO - Las Piñas City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
## Grade 3 MTB-MLE

| Aralin 2 | Pagtukoy sa bahagi ng pahayagan |
|---|---|

***Inaasahan***

Sa katapusan ng modyul na ito:


- Pagtukoy sa bahagi ng pahayagan

Sisikapin ng modyul na ito na matulungan kang tukuyin ang mga bahagi ng pahayagan.



## Unang Pagsubok

**Panuto:** Pagmasdan ang larawan at sagutin ang tanong sa ibaba.




Ano kaya ang ipinakita ng bata, Alam mo ba kung ano ito?

Mahilig ka bang magbasa ng dyaryo o pahayagan?



(This is a Government Property. Not For Sale)

## Balik–tanaw

**Panuto:** Buuin ang salita na nasa patlang gamit ang mga letra mula sa loob ng kahon. Gawing patnubay ang mga letrang makikita sa ibaba.

**1.**

| | | |
|---|---|---|
| T | I | A |
| L | A | B |

B ___ L ___ ___ A

**2.**

| | | |
|---|---|---|
| Y | R | D |
| O | A | Y |

___ Y ___ R___ O

3.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| H | A | P | A | Y |
| | A | N | A | G |

P ___ ___ ___ Y A G ___ N

4.

| | | | |
|---|---|---|---|
| S | O | P | I |
| R | T | S | |

I ___P O ___ ___S

5.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| L | I | B | A | P | A |
| | N | N | G | A | N |

P___N L I ___ A N ____ A N



(This is a Government Property. Not For Sale)

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Sa pagtukoy ng bahagi ng pahayagan. Kailangan muna malaman ang mga bahagi nito.

Ang pahayagan ay naglalaman ng balita, impormasyon at patalastas, kadalasan itong inilalathala ng araw-araw o lingguhan,

**Mga Bahagi ng Pahayagan**

1. **Pamukhang Pahina** –mababasa ang Pangalan ng pahayagan at ang mga pangunahin o mahahalagang balita.
2. **Balitang Pandaigdig**- mababasa sa pahinang ito ang mga balitang nagaganap sa iba't ibang bahagi ng mundo.
3. **Balitang Panlalawigan**-mababasa ang mga balita mula sa mga lalawigan sa ating bansa.
4. **Pangulong Tudling/Editoryal** - mababasa ang kuro-kuro o puna na isinulat ng patnugot hinggil sa isang napapanahong isyu.
5. **Balitang Komersyo** – mababasa ang mga balita tungkol sa kalakalan, industriya, at komersyo.
6. **Anunsyo Klasipikado** – mababasa rito ang mg anunsyo para sa iba't ibang uri ng hanapbuhay, bahay, lupa, sasakyan at iba pang kagamitang ipinagbibili.
7. **Obitwaryo** – anunsyo para sa mga taong namatay na. Nakasaad dito kung saan nakaburol at kung kalian ililibing ang namatay.
8. **Panlibangan** – ito ang pahina sa mga balita tungkol sa artista, pelikula, telebisyon at iba pang sining. Naririto rin ang mga krosword, komiks at horoscope.
9. **Isports**- naglalaman ito ng mga balitang pampalakasan





(This is a Government Property. Not For Sale)

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang mga sumusunod sa bahagi ng pahayagan. Isulat lamang ang letra sa nakalaang sagutan.

1. ___ 


2. ___ 


3. ___ 


4. ___ 

5. ___ 


| | |
|---|---|
| **A.** Obitwaryo | **D.** Pangunahing Balita |
| **B.** Isports | **E.** Panlibangan |
| **C.** Editoryal | |

## *Gawain*

**I. Panuto**: Isulat sa patlang ang tinutukoy na bahagi ng pahayagan.

1. Ang ________________ ay naglalaman ng Pangalan ng pahayagan, bolyum, araw, at petsa.
2. Ang ________________ ay naglalaman ng opinyon ng editor o patnugot ukol sa isang isyu.
3. Ang ________________ na seksiyon ay nagbibigay ng mga artikulo ukol sa mga laro at mga atleta.
4. Ang __________________ ay mga balitang nagaganap sa iba't ibang bahagi ng mundo.
5. Ang _________________, dito mababasa ang mga balita tungkol sa kalakalan, industriya, at komersyo.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

**II. Panuto:** Salungguhitan kung anong bahagi ng pahayagan ang mababasa o makikita.

1. Pahina ng Lathalain tungkol sa horoscope, palaisipan (crossword puzzle), komiks at mga palabas sa sine.

   **(Anunsyo Klasipikado, Pang-artista, Editoryal, Panlibangan)**

2. Makikita rito ang Pangalan ng pahayagan at ang mga pangunahin o mahahalagang balita.

   **(Balitang Pandaigdig, Pamukhang Pahina, Obitwaryo, Pampalakasan)**

3. 

   SPORTS

   To beard or not to beard

   **(Balitang Pandaigdig, Pamukhang Pahina, Obitwaryo, Pampalakasan)**

4. 

   52.515 119.92

   BUSINESS

   2018 BOP deficit swells

   **(Balitang komersyo, Pang-artista, Editoryal, Panlibangan)**


5. Mababasa rito ang kuro-kuro o puna na isinulat ng patnugot hinggil sa isang napapanahong isyu.

   **(Anunsyo Klasipikado, Pang-artista, Editoryal, Panlibangan)**



(This is a Government Property. Not For Sale)

## Tandaan



*Ang pahayagan ay babasahing lumalabas araw-araw. Dito mababasa ang mga balitang local at pandaigdig. Bukod sa mga pangunahing balita, naglalaman din ito ng iba't ibang lathalain, impormasyon at isyung pang madla.*

*Tunay na napakahalaga ang pagbasa at matukoy ang mga iba't ibang pahagi ng pahayagan dahil nakatutulong ito na mapagaan ang takbo ng buhay.*

*Ugaliin ang pagbabasa ng isang pahayagang may mataas na pamantayan sa katumpakan at katotohanan ng mga balitang inilathala.*

## Pag-alam sa mga Natutuhan

I. **Panuto:** Basahin ang mga sumusunod. Bilugan ang letra ng bahagi ng pahayagan na tinutukoy ng bawat sitwasyon.

**1.** Nawalan ng trabaho ang iyong ama dahil sa pandemya. Aling bahagi ng pahayagan ang titingnan mo?

A. Palaisipan          C. Kolum ng mambabasa
B. Anunsyo Klasipikado          D. Editoryal

**2.** Ibig mong alamin ang balita tungkol sa pandemya sa ibang bansa.

A. Pampalakasan          C.Kolum ng isang manunulat
B. Editoryal          D. Balitang Pandaigdig



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

**3.** Mayroon kuro-kuro tungkol sa pagkakaroon ng face to face na klase ngayong pandemya. Alin dito ang babasahin mo?
- A. Panlibangan
- B. Pampalakasan
- C. Balitang Pandaigdig
- D. Editoryal

**4.** Aling bahagi ng pahayagan ang babasahin mo upang maaliw ka sa gitna ng pandemya?
- A. Balitang Pandaigdig
- B. Pangunahing Balita
- C. Panlibangan
- D. Anunsyo Klasipikado

**5.** Pinakahuling balita tungkol sa bakuna mula sa China. Saang pahina ito matatagpuan?
- A. Pang-artista
- B. Pampalakasan
- C. Anunsyo Klasipikado
- D. Balitang Pandaigdig

**III. Panuto:** Basahin ang sitwasyon at bilugan ang letra ng tinutukoy na bahagi ng pahayagan.

1. Nais ni Dan na malaman kung sino ang nanalo sa laro ng PBA kagabi.
   - A. Pamukhang pahina
   - B. Pampalakasan
   - C. Anunsyo Klasipikado
   - D. Editoryal
2. Naghahanap ng trabaho ang nanay ni Tonio, anong bahagi ng pahayagan ang dapat niyang tingnan?
   - A. Pamukhang pahina
   - B. Pampalakasan
   - C. Editoryal
   - D. Anunsyo Klasipikado



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

3. Gustong-gusto malaman ni Betty kung kailan magkakaroon ng *virtua*l konsiyerto ang paborito niyang si Sarah Geronimo.
   A. Panlibangan
   B. Pampalakasan
   C. Editoryal
   D. Anunsyo klasipikado
4. Ito ang paborito mong gawain noong ECQ ang sumagot sa mga crossword puzzle at iba pa.
   A. Pamukhang pahina
   B. Pampalakasan
   C. Editoryal
   D. Panlibangan
5. Saan bahagi ng pahayagan makikita ang na sa ibaba?
   **Bagong *variant* ng Covid 19 sa United Kingdom, Inaalam.**
   A. Pamukhang pahina
   B. Editoryal
   C. Balitang pangkalakalan
   D. Balitang pandaigdig

## *Pangwakas na Pagsusulit*

**Panuto:** Gumupit ng bahagi ng pahayagan (luma o bago). Idikit sa bond paper at Isulat sa ibaba kung anong bahagi ito ng pahayagan.



(This is a Government Property. Not For Sale)

## *Sanggunian*

https://youtu.be/w8NxFazFmnA
https://youtu.be/xz087_6xzGo
https://www.goconqr.com/quiz/3172268/bahagi-ng-pahayagan



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

(Tanggapin ang kaugnay na sagot)

**Balik-Tanaw**

1. Balita
2. Dyaryo
3. Pahayagan
4. Isports
5. Panlibangan

**MaiklingPagpapakilala ng Aralin**

1. E
2. C
3. D
4. E
5. A

**Gawain**

**I.**

1. Pamukhang Pahina
2. Editoryal
3. Pampalakasan/Isports
4. Balitang Pandaigdig
5. Balitang Komersyo

**II.**

1. Panlibangan
2. Pamukhang Pahina
3. Pampalakasan
4. Balitang komersyo
5. Editoryal

**Pag-alam sa mga Natutuhan**

I

1. B
2. B
3. D
4. C
5. B

II

1. B
2. D
3. A
4. D
5. D

Pangwakas na Pagsusulit
(Malayang Pagsagot ng Mag-aaral)



**(This is a Government Property. Not For Sale)**